# Paraan ng tamang pag-tapon o re-cycle ng basura

<フィリピノ語>

## 1. Uri ng Basura





Mayroong iba' t-ibang klase ng basura. Dapat hiwa-hiwalayin sa tamang uri ang mga basura bago itapon. Gawing gabay ang chart sa likod para sa tamang pag-hihiwalay ng basura. Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang Waste Disposal Guidebook o website ng lungsod. Ang Guidebook ng lungsod ay naka-salin sa limang iba't-ibang lengwahe.

(https://www.city.matsusaka.mie.jp/site/gomi-recycle/gaidobukku.html)

## 2. Iskedyul ng koleksyon

Ang koleksyon ng basura sa inyong tahanan ay naka-base sa kung saan ang lokasyon ng inyong bahay. Para malaman ang iskedyul ng koleksyon ng basura sa inyong lugar, mayroong waste collection calendar na naka-lakip sa Guidebook o di naman kaya ay naka paskil sa city website.

## 3. Oras at araw ng koleksyon ng basura nang naaayon sa kanilang uri




Ilagay ang mga basura sa mga itinalagang lugar ng koleksyon bago sumapit ang ika-8 ng umaga sa araw nang koleksyon. Huwag ilagay sa collection area ang mga basura sa araw na hindi naman ito kokolektahin.

## 4. Pag-hahadlang sa hindi tamang pag-tatapon ng basura

Hindi kokolektahin ang mga basura na itanapon lamang ng hindi tama, halo-halo, at hindi tama sa iskedyul o oras. Ang hindi tamang pag- tapon ng basura sa tmng lugar at paraan ay makapipinsala sa sa kapaligiran at kmyunidad.

## 5. Para sa karagdagang impormasyon

(1) Tungkol sa mga nabubulok na basura

●Matsusaka Recycle Center(351-2 Machibirao-cho)
<Inquiries regarding waste collection, permits, collection sites and recycling>
☎ 0598-53-4470 FAX 0598-51-6406




●Matsusaka Clean Center(751 Katsurase-cho)
<Tungkol sa mga hindi nabubulok na basura>
☎ 0598-36-0975 FAX 0598-36-0560

(2) Matsusaka Navi app ( download -->)




Magagamit itong app tungkol sa pag-rerecycle ng mga luma at hindi na kaliangang kagamitan.

# Tamang pamamaraan nang paghihiwalay-hiwalay at pag-tapon ng mga basura ati na rin ang pag-rerecycle

| | | |
|---|---|---|
| Burnable Waste | ■ Nasusunog o nabubulok na basura<br>■ Mga papel na hindi na mare-recycle<br>■ Mga plastik na walang naka-lagay na plastic mark<br>■ Mga kagamitan na gawa sa goma at balat (alisin ang mga parteng bakal)<br> | **Designated bags**<br> |
| Non-burnable Waste | ■ Maliliit na basura<br>■ kagamitang pambahay (hindi rechargable)<br>■ baso<br>■ ceramics<br>■ blades<br> | **Transparent or Semi-transparent bags**<br> |
| Plastic containers and bags | ■ Mga plastik na pambalot<br>■ plastic cups, tubes at botelya<br>■ puting styrofoam trays<br><br>(alisin ang dumi at linisan bago itaponl.) | **Transparent or Semi-transparent bags**<br> |
| Empty Bottles |  | Tignan ang kulay ng bunganga nang bote.<br> |
| Recyclable<br>PET | ■ dyaryo, magazines at iba pang papel<br>■ milk cartons (hugasan, gupitin at patuyuin)<br>■ lumang damit<br>■ karton<br>■ PET bottles (takip na plastik at balot na plastik na may marka ng "Plastic")<br>■ alminum food and beverage cans<br>■ puting styrofoam trays<br>■ fluorescent tubes | Check the disposal handbook.<br> |
| Others | Para sa karagdagang impormasyon sa pag-tapon ng basura, Tignan ang disposal handbook i-search ang Waste Disposal Guidebook sa city website. | |

Mangyari lamang na sundin ang tamang paraan ng pag-tapon ng basura at panatilihin na malinisi ang mga garbage stations.